Tagalog

Ihanda ang Inyong Anak para sa Ika-7 Grado

Paunawa ng Paaralan kailangan Pang-Kalusugan

Ang estado ng Hawaii Kagawaran ng Edukasyon (HIDOE) at Kalusugan (DOH) ay nagtutulungan sa paraang mapoprotektahan at matitiyak ang kalusugan ng ating mga anak. Ang pagdadalaga at pagbibinata ay panahon ng pisikal, emosyonal, at mga panlipunan na pagbabago, at ang maayos na pagbisita sa mga kabataan ng mga tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan ay makakatulong sa paghadlang sa pagkakaroon ng mga usaping hindi mabuti sa kalusugan.

Ang estado ng batas ay hinihiling na lahat ng mag-aaral ay tumanggap ng **pisikal na eksaminasyon** at mga **imyunisasyon** bago magsimula ang ika-pitong grado.

Ang kailangan mong gawin:

- Tawagan ngayon ang tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak upang maitakda ang appointment para sa pisikal na eksaminasyon, bilang bahagi ng pagbisita kung mabuti ang kalagayan
- Dalhin ang kalakip na Ulat sa Kalusugan ng Mag-aaral (Form 14) sa appointment. Sa panahon ng pagbisita, ang tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan ay:
    - Magsasagawa ng pisikal na eksaminasyon at magbibigay ng mga imyunisasyon.
    - Sasagot sa mga tanong mo at ng iyong anak tungkol sa kalusugan at mabuting pakiramdam; at
    - Kumpletuhin ang Form 14
- Ibigay ang nakumpletong Form 14 sa paaralan na papasukan ng iyong anak sa ikapitong grado.

Ang pisikal na eksaminasyon ay dapat makumpleto sa loob ng 12 buwan bago magsimula sa ika-pitong grado. Ang mga mag aaral na walang kinakailangang imyunisasyon sa unang araw ng ika-pitong grado ay may peligrong hindi papapasukin sa paaralan. Ipaalam sa paaralan kung kailangan mo ng dagdag na panahon sa pagtatakda ng appointment ng iyong anak.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang https://health.hawaii.gov/docd/vaccines-immunizations/school-health-requirements/.

Salamat sa pagsuporta sa kalusugan ng inyong anak!